



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Hunyo 30, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Walter Wallace, 415.519.4628

Air District, hinihikayat ang mga residenteng maghanda na para sa mga wildfire at nagbigay ng babala kaugnay ng mga panganib ng paputok

SAN FRANCISCO – Hinihikayat ng Bay Area Air Quality Management (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang mga residente ng Bay Area na umaksyon para mapangalagaan ang kanilang kalusugan bago makaapekto ang malalaking wildfire sa rehiyon, at nagbabala ito sa mga residente kaugnay ng mga panganib ng pagpapaputok ngayong Ikaapat ng Hulyo

Ngayong taon, mapanganib ang pagsisindi ng mga personal na paputok, sa partikular, dahil sa tagtuyot at labis na kakulangan ng tubig. Puwedeng magdulot ang mga paputok ng maraming particulate matter malapit sa ground, na puwedeng lubos na magpalaki sa posibilidad na magkaroon ng mga wildfire at iba pang epektong naghahatid ng usok.

“Sa kasamaang-palad, naging pangkaraniwan na ang mga wildfire at matinding usok tuwing tag-init at taglagas dito sa Bay Area kasabay ng paghahatid ng pagbabago ng klima ng mga hindi pangkaraniwang lagay ng panahon na nagpapatindi ng mga wildfire,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Napakahalagang paghandaan na natin ngayon ang panahon kung kailan posibleng maging mapanghamon ang mga wildfire, nang sa gayon ay mapangalagaan natin ang ating kalusugan kapag binalot na ang rehiyon ng usok na dulot ng wildfire.”

“Tumaas ang bilang ng mga ilegal na paputok sa Bay Area noong nakaraang taon na nagresulta sa mahigit sa 30 sunog na dulot ng paputok na naiwasan sana sa San Jose pa lang, at hindi iyon puwedeng mangyari ngayong taon,” sabi ng Supervisor ng County ng Santa Clara na si Cindy Chavez, ang chair ng Lupon ng Mga Direktor ng Air District. “Tuyung-tuyo ang mga pananim sa East San Jose Foothills dahil sa matinding tagtuyot na ngayon lang natin naranasan. Posibleng makamatay kung sasabayan pa ito ng mga ilegal na paputok. Hindi natin puwedeng ilagay sa panganib ang buhay ng mga tao, ang kanilang mga ari-arian, at ang kalidad ng hangin.”

Kapag may wildfire, talagang tunay at matindi ang nagiging epekto ng polusyon sa hangin, pati sa mga taong walang dati nang medikal na kundisyon. Mapaghahandaan ng mga residente ng Bay Area ang usok na dulot ng wildfire sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tip na ito:

- Protektahan ang iyong tirahan bilang paghahanda para sa mga wildfire sa pamamagitan ng pagpapapalit o pag-refurbish sa mga lumang bintana at pinto na may tagas; gumamit ng caulking para tapalan ang mga butas.

- Pag-isipang bumili ng air purifier na hindi nagpo-produce ng ozone para maging mas malinis ang hangin sa bahay.
- Pag-isipang bumili ng filter na MERV 13 o mas mataas para sa iyong system para sa heating, bentilasyon, at air conditioning (heating, ventilation, and air conditioning, HVAC).
- Pag-isipang mag-upgrade sa isang system para sa HVAC na magagamit para sa heating at cooling, at na may mekanismong lumipat sa recirculate para maiwasan ang pagpasok ng usok mula sa labas.
- Dapat makipag-usap sa kanilang mga doktor ang mga indibidwal na may mga kundisyon sa kalusugan para sa pagbuo ng personal na plano para sa usok.
- Tukuyin ang mga lokasyon sa iyong komunidad na may mga espasyong may mas malinis na na-filter na hangin gaya ng mga indoor na shopping mall, lokal na aklatan, cooling center, community center, civic center, at gusali ng lokal na pamahalaan.
- Gumawa ng plano para sa pagpunta sa isang lokasyong may mas malinis na hangin kung hindi mo maisasara ang lahat ng sulok ng iyong tirahan o kung magkakaroon ng makapal na usok habang mainit ang panahon.

Makakakita sa www.baaqmd.gov/wildfiresafety ng mga tip para sa paghahanda sa wildfire, rekomendasyon sa kalidad ng hangin para sa mga paaralan, impormasyon sa data ng kalidad ng hangin, at iba pa.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area sa siyam na county nito. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

*Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*